**Lindol sa Cook Inlet 2018**

Kung ang inyong pangunahing tirahan ay nagkaroon ng pinsala bilang resulta ng lindol na ating naranasan noong Biyernes, ika-30 ng Nobyembre at nangangailangan ng tulong, maaari kayong humingi ng tulong simula 8:00am sa Martes, ika-4 ng Disyembre. Maaari ninyong makumpleto ang aplikasyon para sa tulong online sa pamamagitan ng pagpunta sa ready.alaska.gov at sundin ang mga prompt sa **Individual Assistance (Pang-indibidwal na Tulong)** upang ma-access ang aplikasyon. Maaari rin kayong tumawag sa **1-855-445-7131** mula 8:00am hanggang 8:00pm upang makumpleto ang aplikasyon sa telepono. Ang proseso ay inaabot ng 20 minuto.

Samantala;

- -**mag-file ng claim sa inyong home owners insurance (insurance sa pagmamay-ari ng tirahan)**
- **-kunan ng litrato ang tirahan**
- **-humingi ng mga estimate (pagtatantiya)**
- **-kumpletuhin ang inyong mga paglilinis at pagkukumpuni**
- **-itago ang mga rekord at resibo ng ginastos sa pagkukumpuni**

Kakailanganin ang impormasyong ito bilang pandagdag sa inyong aplikasyon para sa tulong.

Kung **hindi matitirahan** ang inyong tahanan dahil sa lindol, makipag-ugnay sa inyong local emergency services (mga lokal na serbisyong pang-emerhensya) para sa impormasyon sa shelter (matutuluyan).